IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

# Sipat-Suri Sa Implementasyon Ng Ched Memo Order No.20 S.2013 Sa Mga Guro At Mga Mag-Aaral Ng Jose Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City

**DAISY P. RUIZ, MA-Fil.**
Assistant Professor 1
Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus

*Abstrak* — Layunin ng pag-aaral na mabatid ang epekto ng implementasyon ng CHED Memo Order No. 20 s. 2013 o ang "General Education Curriculum Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies" sa mga guro at mga mag-aaral ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City.

Ginamit sa pag-aaaral ang kwantitatib-deskriptib-ebalwatib na pamamaraan, isang proseso na naglalayon sa pagtipon, pagsuri, pag-uri at pagsukat ng mga datos tungkol sa kasalukuyang kondisyon, gawain, paniniwala at proseso, at pagbibigay ng angkop at tamang interpretasyon na ginagamitan ng mga pantulong na istatistikal na pamamaraan.

Natuklasan na positibo ang epekto ng implementasyon ng programa sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto ng mga respondente. Lubos silang sumasang-ayon na naimumulat ng mga guro ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng isang intelektwalisadong wikang Filipino, natutulungan na yakapin ang sariling wika bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan sa lahat ng pagkakataon at sa anumang sitwasyon, at nalilinang ng guro ang kanilang kakayahang pangwika. Ang mga mag-aaral ay lubos na sumasang-ayon na napauunlad nito ang kanilang isipan at pagkatao, nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa. Lubos na sumasang-ayon na ang nasabing programa ng CHED ay lilinang ng intelektwal na kompetensi, personal at pansibiko na responsibilidad, at praktikal na kasanayan. Sa kabuuan, ang lubos na pagsang-ayon ng mga respondente ay nangahulugang ang estado ng implementasyon ng nasabing programa ng CHED sa lugar ng pananaliksik ay napatunayang lubos na naiimplementa.

Iminumungkahi na mas palawakin pa ang disiminasyon ng CHED ukol sa kanilang mga programa upang magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro, mga mag-aaral at mamamayang Filipino at upang maiwasan ang mga negatibong reaksyon at hindi pagkakaunawaan. Mas paigtingin pa ang kalidad ng pagtuturo ng mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang Filipino at mas ihanda sila sa anumang mga pagbabago upang makaagapay sa ninanais na pagsulong tungo sa globalisasyon. Sa pagsulong tungo sa globalisasyon, hindi kailangang alisin o tanggalin ang pagpapagamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo kaya, iminumungkahi na magsagawa ang mga State Colleges at Universities ng malawakang pagpaplano para ito ay mapanatili at hindi maalis sa hinaharap. Upang makasabay at hindi mapag-iiwanan ang wikang Filipino sa mabilis na pagbabago ng daigdig dulot ng globalisasyon, tulungan ang KWF sa kanilang adhikain sa pagsusulong ng intelektwalisadong wikang Filipino.

***Keywords* — *Sipat, suri, implementasyon, kompetensi, intelektwal, pansibiko, praktikal, kasanayan***

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksiyon

"Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang simbolo ng ating pagiging bansa. Ang wikang Filipino sa unibersidad ay kumakatawan sa ating pagpapahalaga na ang buhay natin bilang isang bansa ay nakasandig sa pagkakaroon ng isang wikang gagamitin para hubugin ang mga kaisipan ng mga kabataan at mga matatanda na nasa kapangyarihan sa sistema ng edukasyon."- National Artist Bienveido Lumbera. Ang wikang Filipino ay ang pambansang wika at isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas. Subalit kasabay ng pag-usbong ng panahon, may mga pagbabago ring nais ipatupad ang ating pamahalaan kalakip ang mga programa tungkol sa edukasyon. Kabilang na dito ang pagpapatupad ng CHED Memo. Order (CMO) No. 20, serye 2013.

Itinalaga noong Hunyo 28, 2013 ang Ched Memorandum Order (CMO) Bilang 20 serye 2013 at pinamagatang "General Education Curriculum: Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies.". Ito ay naglalayong gawing 36 yunits ang orihinalna 63 yunits ang General Education kurikulum para sa kolehiyo. Ayon sa memorandum na ito, ang mga minor subjects ay hindi na ituturo sa mga estudyante sa kolehiyo kapag naipatupad na ang K – 12 kurikulum upang mabigyang daan sa mga mag-aaral na magpokus sa mga major subjects na siya namang naging dahilan sa pagtanggal ng English, Filipino, Economics at iba pang mga subjects. Nakasaad dito na ang General Education courses ang ipapatupad sa pagtuturo ng mga Grade 11 at 12.

Nakapaksa rin dito na ang kolehiyo na ang bahalang magdesisyon kung wikang Filipino o Ingles ang gagamitim bilang daluyan ng komunikayon sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Sumusuporta rito na maki-ayon sa mabilis na pagtakbo ng globalisasyon. Subalit hindi ibig sabihin nito na unti-unting ibabasura ang sariling wika. Nilinaw ng CHED na hindi tuluyang aalisin ang asignaturang Filipino sa edukasyon bagkus ililipat ito sa Senior High School.

Maraming kilos-protesta ang naganap mula nang maipalabas ang nasabing CMO, maraming pagsulong ang isinagawa laban sa pagpapatupad ng nasabing kautusan. Naging paksa ng mga diskusyon, debate, talumpati at naging proyekto na rin sa paaralan ang mga opinyon ng mag-aaral. Sa isang panayam ng GMA Online kay San Juan (2014), propesor sa departamento ng Filipino sa De La Salle University, at isa sa mga pinuno ng Tanggol Wika, sinabi niyang nanganganib na bumaba ang kalidad ng wikang pambansa kapag inalis ang asignaturang Filipino sa mas mataas na antas ng edukasyon. Ayon sa kanya bata pa ang wikang pambansa at hindi pa ganap na intelektwalisado o nagagamit sa iba't ibang larangan at upang maging ganap ang inteletwalisasyon nito, nararapat lamang na pagbutihin at palawakin pa ang pagtuturo nito sa lahat ng antas lalo na sa kolehiyo.

Sa artikulo ni Zofia Leal ng Philippine Online Chronicle, itinampok niya ang pagtutol ng mga propesor sa iba't ibang unibersidad kaya naman noong Hunyo 21, 2013 ay nagsama-sama ang mahigit na 300 na propesor at mag-aaral mula sa 43 unibersidad at kolehiyo para itatag ang Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika). Ang kanilang mga

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

panawagan ay ang mga sumusunod: Panatilihin ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa bagong General Education Curriculum (GEC) sa kolehiyo; rebisahin ang CHED Memo Order 20, serye ng 2013; gamitin ang wikang Filipino sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura; at isulong ang makabayang edukasyon.

Dalawang taon na ang implementasyon ng nasabing memorandum kaya nakita ang pangangailangan sa pagsasagawa ng ebalwasyon o pagtatasa. Ang ebalwasyon bilang isang proseso ay tunay na pag-alam at pagtiyak sa lawak o ekstent kung saan ang mga tunguhin ng nabuong estratehiya ay talagang angkop at naisasakatuparan. Sapagkat ang pagpaplanong pangwika ay naglalayong makagawa ng mga tiyak at kaibig-ibig na pagbabago sa isang sitwasyon o kalagayang pangwika, sa ganito ay naisasagawa ang ebalwasyon bilang isang proseso sa pag-alam at pagtiyak ng lalim at lawak ng kung alin sa mga pagbabagong ito ang tunay nanangyayari at nasusunod.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

Malaki ang ginagampanan ng wika sa pagbuo ng isang pambansang identidad o kaakuhan, lalo na sa pagsabak sa proseso ng globalisasyon. Mahalagang mabuo muna ang identidad ng isang bansa para makasabay sa hamon ng kasalukuyang panahon. Ayon kay Dr. Nita Buenaobra, malaki ang bahagi ng mga mamamayang Pilipino sa pagtanggap sa Filipino bilang wikang umiiral sa bansa. Ang ibig sabihin ng Filipino ngayon ay ang wikang nauunawaan ng lahat simple, madaling iakma, o fleksibol at ekonomikal. Ang Wikang Filipino ay isang isyung sosyo-politikal, isang krusada na nangangailangan ng pag-unawa at atensyon mula sa mamamayan at pinuno na nangunguna sa pagpapaunlad nito bilang kaluluwang ng isang bansa, Medina, (2003).

Pag-unlad. Pagbabago. Bawat isa sa atin ay nagsusumikap tungo sa pag-unlad at kaakibat ng pag-unlad na ito ay ang pagbabago. May mga pagkakatong ang iniisip lang natin nang iniisip ay kung paano uunlad, nakaliligtaan nating sa pag-abot ng kaunlaran ay may mga bagay na kailangang magbago o mabago. May mga pagkakataong sa kagustuhan nating umunlad ay naisasakripisyo ang ilang mahahalagang bagay o ideya o sitwasyon tulad na lang sa pagkasira ng kalikasan dahil sa epekto ng industriyalisasyon; pagbaba ng moralidad ng lipunan upang makasunod sa kanluraning impluwensya; at ang paglimot sa sariling wika at kultura upang makisabay sa globalisasyon.

"In accordance with pertinent provisions of the constitution that: the state shall protect and promote the right of all citizens to quality education of all levels…(Article XIV, s.1); establish, maintain ang support a complete, adequate and integrated system of education relevant to the needs of the people and society (Article XIV, s.1); exercise reasonable supervison and regulation of all educational institutions and as reiterated in Republic Act 7722 otherwisw known as "higher Education Act of 1994", the Commission on Higher Education shall set minimum standards for programs and institutions of higher learning (Section 8d).'

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Sa implementasyon ng Association of Southeast Asia Nations (ASEAN) Integration 2015 kasabay nito ang rebisyon ng CHED sa kurikulum ng kolehiyo kung saan itinanggal ang Filipino sa kolehiyo upang ilipat ito sa Senior High School (SHS). (Fajardo & Piad 2016).

Upang makasabay sa ibang bansa na mayroong 12 taong pag-aaral maliban sa taon ng pag-aaral sa kolehiyo na mas makakasabay sa globalisayon kaysa sa sampung taon lamang na pag-aaral sa primarya at sekondarya. At kaakibat ng ASEAN Integration ang pagpapalit ng kurikulum, at pagtanggal ng Filipino sa kolehiyo dulot ng globalisasyon.

Ayon kay Argueles et al. (2015), pag-unlad at pagbabago ang pinagsimulan ng ideolohiyang K-12 Curriculum sa ating bansa kaya‘t ipinatupad ito. Sa pagnanais umunlad at magbago ng gobyerno kaya‘t nagbago ang ating curriculum. Ngunit ang nilabas ng CHED na Memorandum (CMO) No. 20 series 2013 ay nagdulot ng masasamang reaksyon sa mga propesor ng Filipino, pati ang mga organisasyon tulad ng Tanggol Wika and Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Pilipino (PSLLF) dahil walang asignaturang Filipino sa New General Education Curriculum (GEC) para sa kolehiyo. (Cariga & Giongco 2014) Sang-ayon naman si Solicitor General Jose Calida sa pag-alis ng asignaturang Filipino sa kolehiyo dahil itinuturo na ito sa SHS o sa K-12 Curriculum. (Jalandoni, 2017)

Dahil dito, nabuo ang isang alyansang tinatawag na “Tanggol Wika” na binubuo ng mga guro at propesor, kung saan ang isa sa kanilang mga layunin ay ang pagpapanatili ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga estudyante kolehiyo. Ito, ayisang organisasyon na pinangungunahan ni Dr. David San Juan na galing sa De La SalleUniversity at iba pang mga guro sa Filipino sa bawat lugar sa Maynila. Ang mga kasaping organisasyon ng Tanggol Wika ay agad na nakipag-ugnayan sa CHED patungkol sanasabing memorandum.

Abril 2015, nagsampa ng kaso sa Korte Suprema ang Tanggol Wika, sa pangunguna ni Dr. Bienvenido Lumbera, ACT Teachers Partylist Rep. Antonio Tinio, Anakpawis Partylist Rep. Fernando Hicap, Kabataan Partylist Rep. Terry Ridon, at mahigit 100 propesor mula sa iba’t ibang kolehiyo at unibersidad. Inihanda nina Atty. Maneeka Sarzan (abogado ng ACT Teachers Partylist), Atty. Gregorio Fabros (abogadong ACT), at Dr. David Michael San Juan, ang nasabing petisyon. Ang 45 pahinang petisyon ay nakasulat sa Filipino (ang kauna-unahang buong petisyon sa wikang pambansa) at opisyal na nakatala bilang G.R. No. 217451 (Dr. Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining, et al. vs. Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III, atPunong Komisyuner ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon/Commissioner onHigher Education [CHED] Dr. Patricia Licuanan). Nakapokus ang nasabing petisyon sa paglabag ng CMO No. 20, Series of2013 sa sa mga batas gaya ng Batas Republika 7104 o “Commission on the FilipinoLanguage Act” (“An Act Creating the Commission on the Filipino Language, PrescribingIts Powers, Duties and Functions, and For Other Purposes”) at sa mga probisyon sa Konstitusyong 1987.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Agosto 9, 2017, nakatanggap ang Tanggol Wika ng isang "manifestation and motion" sa Korte Suprema ng Office of the Solicitor General. Mahigit dalawang taon na nagpanggap lamang ang CHED na ipinatutupad ang TRO ng Korte Suprema sa pamamagitan ng paglalabas ng mga maliligoy at malalabong dokumento gaya ng isang memorandum ng tagapangulo ng CHED (may petsang Hulyo 18, 2016 at may paksang Clarification on the Implementation of CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013 Entitled "General Education Curriculum; Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies"), CMO No, 57, Series of 2017. Ang isa pang inilabas na dokumento ay ang memorandum ng tagapangulo ng CHED (may petsang Hulyo 11, 2017 at may paksang Clarification on the Offering of Filipino at Panitikan Courses in All Higher Education Programs), at na ni hindi naman nila gaanong ipinalalaganap.

Ayon kay Ong, (2018), mga 10,000 mga guro ang may potensyal na mawalan ng trabaho sa pagtanggal ng asignaturang Filipino at maaaring magdulot ng malaking problema para sa ating kurikulum. Bilang pagbawi sa mga pagbabago sa GEC, magkakaroon ng mga pagsasanay at oryentasyon sa mga guro upang maituro ang mga bagong kurso at upang mailipat ang mga gurong maaaring maapektuhan sa pagbabago. Ayon sa CHED, hindi pag-alis ang tamang salita na gamitin, kundi pag-ayos, Espinoza et al. (2015)

Magpapatupad ang CHED ng mga programa bilang paghahanda sa mga guro para sa pagbabagong maidudulot ng GEC. At ayon sa CHED, pag-aayos ang kanilang ginagawa sa asignaturang Filipino at hindi pag-alis. Subalit hindi pa rin maikakaila na maaapektuhan ang mga guro pati na rin ang pag-aaral ng mga estudyante dahil dito.

Ayon kay Jimeno (2014), bagamat tinuturo ang Filipino sa primarya at sekondaryang paaralan, kung hindi ito ituturo sa kolehiyo ay makakalimutan ito ng mga hindi gumagamit ng ating sariling wika. Maaari tayong masuplong ng wikang Ingles, at hindi sa ating sariling wika. Ipinagkumpara ng Tanggol Wika ang GEC sa nakaraang kurikulum sa kolehiyo, at ayon sa grupo mayroong mga pag-aaral sa asignaturang Filipino sa kolehiyo na hindi itinuturo sa primarya at sekondaryang pag-aaral. Ito ay nagpapatunay lamang na walang basehan ang sinasabi ng CHED na pareho lamang ang itinuturo sa asignaturang ito kaya't marapat lamang na alisin na ito sa kolehiyo. Tomacruz, (2018)

Ang dahilan kaya't tinatanggal ng CHED ang Filipino sa kolehiyo ay dahil napag-aaralan naman raw ito sa primary at sekondaryang at upang hindi magka-pareho at umulit ang pag-aaral sa asignatura. Dahil dito, hindi malayong tuluyan na nating makalimutang mahalin ang sariling atin. Isinasailalim ang mga guro sa panggigipit na may layong pakitirin ang kurikulum ng mga paaralan na magreresulta ng kawalang kasiguraduhan sa trabaho. Maging ang mga edukasyong 'knowledge based' ay naapektuhan sa pagbibigay-halaga sa teknikalisasyon ng kaalamang propesyonal at paglaganap ng panlilinlang kultural sa buong sistema ng edukasyon. (Connell, 2013).

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Sa pag-aaral na isinagawa nina Pressman at Wilvasky (1973), mahalaga na malinaw ang mga layunin at tunguhin ng polisiya upang sa gayon ay maging matagumpay ito, ang kakulangan sa maayos na pagpaplano ay maaari ding magbunsod ng hindi matagumpay na polisiya.

Ayon kay Bebeclare (2012), batay sa mga pag-aaral na nagpapakita ng mga pagpapabuti sa kalidad ng edukasyon ay nagdudulot ng pagtaas ang GDP (Growth Domestic Product) na paglago ng hanggang dalawang porsyento at magkakaroon ng positibong epekto sa lipunan.

Ayon kay Bugarin et al. (2015), hindi maikakaila na ang ilang kapwa nating Pilipino ay inuuna ang wika ng iba kaysa sa sariling atin kaya't tuluyang mawawalan ng interes o hindi bibigyang-halaga ang Filipino kung ito ay tatanggalin sa kurikulum ng kolehiyo. Tila isa itong sitwasyon na hindi kapani-paniwala para sa isang bansa, na tangkilikin ang wika ng iba kaysa sa sariling atin. At tila, walang sariling pagkakakilanlan ang ating bansa at ang mga naninirahan dito dulot ng kolonyalismo. Sinakop ng mga Kastila sa loob ng higit tatlong siglo ang ating bansa bago pumalit ang Estados Unidos taong 1898 sa loob ng limang dekada. Ang pananakop sa atin ng mga Amerikano ay nagkaroon ng malaking dulot sa ating modernong sistema sa edukasyon at sa marami pang aspeto sa ating lipunan. (Macha et al, 2018) Malaki ang naidulot ng pananakop ng mga Amerikano sa ating bansa sa maraming aspeto, at isa na rito ang ating edukasyon. Kaya't hindi natin alam kung alin ang sariling atin at hindi, kung ano ang yayakapin at itataboy sa ating harap.

Ayon kay Tan (2018), kung nais natin ng pambansang wika kasabay ng pagrespeto sa lahat ng wika ng Pilipinas, kailangang marinig at magamit ng mga kabataan ang mga wikang ito sa pangaraw-araw. Hindi lamang sa kaswal na pag-uusap sa bahay o kanto, dapat rin itong maging wika ng mahahalagang transaksyon sa agham, negosyo, at sining. Kailangang maging bahagi ito ng pang-araw-araw na praktika hanggang sa maging bahagi na ito ng ating mga sarili— kung paano tayo magisip at mabuhay.

Sa kabila ng pag-alis ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, patuloy pa rin ang pagtatanggol ng ating mga kababayan upang mapanatili ito ay nangangahulugan lamang na mayroon pa rin tayong respeto sa ating wika, kultura at pagka-Pilipino. (Gamalindo & Sanchez, 2017) Patuloy pa rin ang laban ng ating kapwa Pilipino upang panatilihin ang asignatura sa kolehiyo, at habang lumalaban, kasabay nito ang puso na nagmamahal sa ating sariling wika.he

## II. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral ang ebalwatib analisis sa pamamaraang kwantiteytib. Ang kwantitatib-deskriptib-ebalwatib na pamamaraan ay isang proseso na naglalayon sa pagtipon, pagsuri, pag-uri at pagsukat ng mga datos tungkol sa kasalukuyang kondisyon, gawain, paniniwala at proseso, at pagbibigay ng angkop at tamang interpretasyon na ginagamitan ng mga pantulong na istatistikal na pamamaraan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

## III. Pagtalakay sa mga Natuklasan

Lumabas sa nakalap na mga datos na mas marami sa mga respondenteng guro ang bago pa lamang kumpara sa mga nagtuturo sa pagitan ng 16-20 taon. Sampo lamang ang piniling respondenteng guro sa ginawang pag-aaral dahil nakatuon lamang ito sa mga gurong nagtuturo ng mga asignaturang Filipino dahil sila ang direktang naaapektohan ng implementasyon ng nasabing CMO.

Ayon kay Ong, (2018), mga 10,000 mga guro ang may potensyal na mawalan ng trabaho sa pagtanggal ng asignaturang Filipino at maaaring magdulot ng malaking problema para sa ating kurikulum. Bilang pagbawi sa mga pagbabago sa GEC, magkakaroon ng mga pagsasanay at oryentasyon sa mga guro upang maituro ang mga bagong kurso at upang mailipat ang mga gurong maaaring maapektuhan sa pagbabago. Ayon sa CHED, hindi pag-alis ang tamang salita na gamitin, kundi pag-ayos, Espinoza et al. (2015)

**Talahanayan 1  Propayl ng mga Gurong Respondente ayon sa Bilang ng Taon sa Pagtuturo**

| Bilang ng Taon sa Pagtuturo | f | Percent |
|---|---|---|
| 26 – pataas | 0 | 0 % |
| 21 – 25 | 0 | 0 % |
| 16 – 20 | 3 | 30 % |
| 11 – 15 | 0 | 0 % |
| 10– pababa | 7 | 70 % |
| **Total** | **10** | **100 %** |

Makikita sa Talahanayan 2 ang propayl ng mga gurong tumugon ayon sa kanilang edukasyong nakamit. Lima sa mga respondente ang nakapag-aral sa paaralang gradwado ngunit hindi nakapagtapos at ito may kabuuang 50%. Samantalang may lima rin sa tumugon na mga respondente ang nakapagtapos sa paaralang gradwado at ito ay may kabuuang 50 %.

**Talahanayan 2  Propayl ng mga Gurong Respondente ayon sa Edukasyong Nakamit**

| Edukasyong Nakamit | f | Percent |
|---|---|---|
| Nakapagtapos ng kolehiyo | 0 | 0 % |
| Nakapag-aral sa paaralang gradwado ngunit hindi natapos | 5 | 50 % |
| Nakapagtapos sa paaralang gradwado | 5 | 50 % |
| **Total** | **10** | **100 %** |

Makikita sa Talahanayan 3 ang propayl ng mga respondenteng mag-aaral ayon sa kasarian na may kabuuang 60. Makikita na 36 sa respondente ay mga babae na may katumbas na 60% at

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

24 naman ay mga lalaki na may katumbas na 40%. Batay sa resulta, natuklasan na mas marami sa tumugong respondenteng mag-aaral ay mga babae.

**Talahanayan 3  Propayl ng mga Mag-aaral na Respondente ayon sa Kasarian**

| **Kasarian** | **f** | **Percent** |
|---|---|---|
| **BABAE** | **36** | **60 %** |
| **LALAKI** | **24** | **40 %** |
| **Total** | **60** | **100 %** |

Makikita sa Talahanayan 4 ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa kanilang antas o taon na kinabibilangan. Makikita na may 40 mag-aaral sa unang taon ang tumugon na may katumbas na 66.7%, 10 ang mula sa ikalawang taon at sampu naman ang mula sa ikaapat na taon na may katumbas na 16.7%.

Batay sa nakalap na mga datos, napatunayan na mas marami sa mga respondenteng mag-aaral na tumugon ay nagmumula sa unang taon.

**Talahanayan 4  Propayl ng mga Mag-aaral na Respondente ayon sa Taon/Antas**

| **Taon/Antas** | **f** | **Percent** |
|---|---|---|
| Unang Taon | 40 | 66.7 % |
| Ikalawang Taon | 10 | 16.7 % |
| Ikatlong Taon | 0 | 0 % |
| Ikaapat na Taon | 10 | 16.7 % |
| **Total** | **60** | **100 %** |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 5 Estado ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa Intelektwal na Kompetensi**

| **Intelektwal na Kompetensi** | **Guro** | | **Mag-aaral** | |
|---|---|---|---|---|
| | **WM** | **Description** | **WM** | **Description** |
| 1. Napapataas ang antas ng pag-unawa (teksto, biswal, atbp) | 3.40 | Sumasang-ayon | 4.22 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Napapahusay at at napapabisa ang komunikasyon (pagsulat, pagsasalita, at paggamit ng mga bagong teknolohiya) | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.12 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakakaunawa sa mga pangunahing konsepto sa kabuuan at mga domain ng kaalaman. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 3.97 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nalilinang ang kritikal, analitikal at malikhaing pag-iisip | 4.20 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.10 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Nakagagamit ng iba't ibang analytical mode (quantitative at qualitative, artistic at scientific, textual at visual, experimental, observation, atbp.) sa pagharap sa mga problema. | 4.20 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.09 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Average Weighted Mean** | **3.76** | **Lubos na Sumasang-ayon** | **4.10** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Legend:***

| ***Weight*** | ***Range of Values*** | ***Description*** |
|---|---|---|
| *5* | *4.21 – 5.00* | *Talagang Lubos na Sumasang-ayon* |
| *4* | *3.41 – 4.20* | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| *3* | *2.61 – 3.40* | *Sumasang-ayon* |
| *2* | *1.81 – 2.60* | *Hindi gaanong sumasang-ayon* |
| *1* | *1.00 – 1.80* | *Hindi sumasang-ayon* |

Makikita sa Talahanayan 5 ang estado ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa intelektwal na kompetensi. Natuklasan na ang mga gurong respondente ay nakakuha ng average weighted mean na 3.67 na nanganghulugang lubos na sumasang-ayon na nalilinang ang kritikal, analitikal at malikhaing pag-iisip at nakagagamit ng iba't ibang analytical mode sa pagharap ng mga problema. Sa mga respondenteng mag-aaral naman na tumugon ay nakakuha ng average weighted mean na 4.10 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon na napapataas ang antas ng pag-unawa sa teksto, biswal at iba pa.

Batay sa lumabas na resulta, ang lubos na pagsang-ayon ng mga respondente na ito ay lumilinang ng intelektwal na kompetensi ng parehong mga guro at mga mag-aaral ay

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

nangangahulugang ang estado ng implementasyon ng nasabing programa ng CHED sa lugar ng pananaliksik ay masasabing lubos na na-iimplementa.

Ang natuklasang ito ay pinagtibay ni Bebeclare (2012) batay sa mga pag-aaral na nagpapakita ng mga pagpapabuti sa kalidad ng edukasyon ay nagdudulot ng pagtaas ang GDP (Growth Domestic Product) na paglago ng hanggang dalawang porsyento at magkakaroon ng positibong epekto sa lipunan.

**Talahanayan 6 Estado ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa Personal at Pansibiko na Responsibilidad**

| **Personal at Pansibiko na Responsibilidad** | **Guro** | | **Mag-aaral** | |
|---|---|---|---|---|
| | **WM** | **Description** | **WM** | **Description** |
| 1. Nakapagpapahalaga sa kalagayang pantao. | 3.30 | Sumasang-ayon | 4.32 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Kakayahang bigyang-kahulugan ang karanasan ng tao. | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.08 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Pag-unawa at paggalang sa karapatang pantao. | 3.40 | Sumasang-ayon | 4.25 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Kakayahang makapag-ambag ng personal at makabuluhan para sa ikauunlad ng bansa. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.15 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Katiyakan sa sarili sa pag-alam sa pagiging Pilipino | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.23 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| Average Weighted Mean | 3.52 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.21 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng estado ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa personal at pansibiko na responsibilidad. Napatunayan batay sa resulta na may average weighted mean na 3.52 na ang gurong respondente ay lubos na sumasang-ayon na sa tulong ng programa ay nalilinang ang kakayahang makapag-ambag ng personal at makabuluhan para sa ikauunlad ng bansa. Samantala, ang mga respondenteng mag-aaral na nakakuha ng average weighted mean na 4.21 ay nangangahulugang talagang lubos na sumasang-ayon na ang implementasyon ng nasabing programa ay natutulungang mapahalagahan ang kalagayang pantao, pag-unawa at paggalang sa karapatang pantao at pagtiyak sa sarili sa pag-alam sa pagiging Pilipino.

Batay sa lumabas na resulta, ang lubos na pagsang-ayon ng mga respondente na ito ay lumilinang ng personal at pansibiko na responsibilidad ng parehong mga guro at mga mag-aaral ay nangangahulugang ang estado ng implementasyon ng nasabing programa ng CHED sa lugar ng pananaliksik ay masasabing lubos na na-iimplementa.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Pressman at Wilvasky (1973), mahalaga na malinaw ang mga layunin at tunguhin ng polisiya upang sa gayon ay maging matagumpay ito, ang kakulangan sa maayos na pagpaplano ay maaari ding magbunsod ng hindi matagumpay na polisiya.

Binaggit nina Brinkerhoff and Crosby (2002) na ang matagumpay na polisiya ay hindi lamang nakadepende sa pagiging epektibo ng polisiya kundi sa pamamahala ng implementasyon.

Ayon sa teorya ng ebalwasyon nina Kaplan at Baldauf (1997), sa pagpaplanong pangwika ay hindi sapat na makabuo at maipagamit ang isang estratehiya upang mabago ang isang sitwasyon o kalagayang pangwika. Kailangan ang patuloy na pagmomonitor o pagsubaybay sa panahon ng implementasyon nito at pagkatapos ay magsagawa ng ebalwasyon. Kailangan ang pagsasagawa ng ebalwasyon upang makita hindi lamang ang nagaganap na tagumpay at patuloy na pag-unlad ng estratehiya sa panahon ng implementasyon kundi upang matuklasan din ang kahinaan nito. Ang pag-alam sa kahinaan ng estratehiya ay kailangan upang mabigyan agad ng karampatang solusyon at pagbabago.

**Talahanayan 7 Estado ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa Praktikal na Kasanayan**

| **Praktikal na Kasanayan** | **Guro** | | **Mag-aaral** | |
|---|---|---|---|---|
| | **WM** | **Description** | **WM** | **Description** |
| 1. Epektibong nakakapagtrabaho sa isang pangkat/ grupo. | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.03 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Paggamit ng “computing at information technology” para tulungang mapadali ang pananaliksik. | 4.30 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon | 4.18 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Kakayahang makatugon at makaunawa sa mundo ng teknolohiya. | 4.20 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.10 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Paglutas ng problema (kabilang ang mga problema sa totoong mundo) | 4.30 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon | 4.02 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Mga pangunahing kasanayan at kaalaman na nauugnay sa trabaho. | 4.40 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon | 4.08 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Average Weighted Mean** | **4.22** | **Talagang Lubos na Sumasang-ayon** | **4.08** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Makikita sa Talahanayan 7 ang estado ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 ayon sa Praktikal na Kasanayan. Natuklasan na ang mga gurong respondente na nakakuha ng average weighted mean na 4.22 na nangangahulugang talagang lubos na sumasang-ayon na ang programa

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

ay lilinang sa praktikal na kasanayan gaya ng pagkakaroon ng mga pangunahing kasanayan at kaalaman na nauugnay sa trabaho, paggamit ng "computing at information technology" para tulungang mapadali ang pananaliksik, at paglutas ng problema kabilang ang mga problema sa totoong mundo. Samantala, ang mga respondenteng mag-aaral na may average weighted mean na 4.08 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon na na ang programa ay nakatutulong sa pagpapunlad sa paggamit ng "computing at information technology" para tulungang mapadali ang pananaliksik, at ang kakayahang makatugon at makaunawa sa mundo ng teknolohiya.

Batay sa lumabas na resulta, ang lubos na pagsang-ayon ng mga respondente na ito ay lumilinang ng praktikal na kasanayan ng parehong mga guro at mga mag-aaral ay nangangahulugang ang estado ng implementasyon ng nasabing programa ng CHED sa lugar ng pananaliksik ay masasabing lubos na na-iimplementa.

Ayon sa pag-aaral ni David (2011), ang mga kontemporaryong pattern ng pandaigdigang komunikasyon at integrasyon ay gumawa ng mga programang pag-edukasyon sa maraming wika ay isang paraan upang mapahintulutan ang mga bata na maranasan ang kanilang mayaman na multilingual na mundo.

**Talahanayan 8 Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Guro**

| **Sa mga Guro** | **WM** | **Description** |
|---|---|---|
| 1.Naihahanda ang mga guro sa implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa. | 3.20 | Sumasang-ayon |
| 2. Positibo ang pagtanggap ng mga guro sa implementasyon ng CMO 20, s.2013. | 2.80 | Sumasang-ayon |
| 3. Naimumulat ng mga guro ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng isang intelektwalisadong wikang Filipino. | 3.40 | Sumasang-ayon |
| 4. Natutulungan ang mga mag-aaral na yakapin ang sariling wika bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan sa lahat ng pagkakataon at sa anumang sitwasyon. | 3.40 | Sumasang-ayon |
| 5. Nalilinang ng guro ang kakayahang pangwika at pampanitikan ng mga mag-aaral. | 3.40 | Sumasang-ayon |
| **Average Weighted Mean** | **3.24** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng epekto ng implementasyon ng CMO 20,s. 2013 sa mga guro. Makikita sa naging resulta na ito ay nakakuha ng average weighted mean na 3.24 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon na sa imolementasyon ng nasabing programa ng CHED ay naimumulat ng mga guro ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng isang

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

intelektwalisadong wikang Filipino, natutulungan ang mga mag-aaral na yakapin ang sariling wika bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan sa lahat ng pagkakataon at sa anumang sitwasyon. at nalilinang ng guro ang kakayahang pangwika at pampanitikan ng mga mag-aaral.

Batay sa lumabas na resulta, natuklasan na maganda ang naging epekto ng implemetasyon ng CHED Memo 20, s.2013 sa mga gurong respondente.

Ang resulta ay pinagtibay sa International Review of Education (Vol. 62,pp187-204) na nagdiin na kung walang pagpapabuti sa materyal at human resources, ang mga adult trainees ay patuloy na makakaranas ng mga kahirapan sa pagsasama sa labor market, at ang cycle ng kahirapan at panlipunang pagbubukod. ay mananatiling walang patid.

Ayon kay Ong, (2018), mga 10,000 mga guro ang may potensyal na mawalan ng trabaho sa pagtanggal ng asignaturang Filipino at maaaring magdulot ng malaking problema para sa ating kurikulum. Bilang pagbawi sa mga pagbabago sa GEC, magkakaroon ng mga pagsasanay at oryentasyon sa mga guro upang maituro ang mga bagong kurso at upang mailipat ang mga gurong maaaring maapektuhan sa pagbabago. Ayon sa CHED, hindi pag-alis ang tamang salita na gamitin, kundi pag-ayos, Espinoza et al. (2015).

Binigyang-linaw ni Rubin (1977) ang isang malinaw na paglalarawan ng mga yugto sa isang perpektong programa ng pagpaplanong pangwika. Ang unang yugto ay nagsasangkot ng pagtitipon ng mga katotohanan tungkol sa sitwasyon, pagkilala sa mga problema at paglulutas ng mga potensyal na paghihigpit. Ang pangalawang yugto ay ang pagpaplano, kung ang mga layunin ay itinakda, ang mga diskarte ay ipinaglihi at hinulaan ang kinalabasan.

**Talahanayan 9 Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Mag-aaral**

| **Sa mga Mag-aaral** | **WM** | **Description** |
|---|---|---|
| 1. Makabuluhan ang pagpapatupad ng CMO 20, s. 2013 sa buhay ng mga mag-aaral | 4.15 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Napauunlad nito ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral. | 4.30 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa. | 4.22 | Talagang Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nakatutulong ang bagong kurikulum sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto. | 4.07 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Nahihikayat ang mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral. | 3.95 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Average Weighted Mean** | **4.13** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664

***Legend:***

| ***Weight*** | ***Range of Values*** | ***Description*** |
|---|---|---|
| *5* | *4.21 – 5.00* | *Talagang Lubos na Sumasang-ayon* |
| *4* | *3.41 – 4.20* | *Lubos na Sumasang-ayon* |
| *3* | *2.61 – 3.40* | *Sumasang-ayon* |
| *2* | *1.81 – 2.60* | *Hindi gaanong sumasang-ayon* |
| *1* | *1.00 – 1.80* | *Hindi sumasang-ayon* |

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga mag-aaral na nakakuha ng kabuuang average weighted mean na 4.13 na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon na sa pamamagitan ng implementasyon ng programa ay napauunlad nito ang isipan at pagkatao ng mga mag-aaral, nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa, at makabuluhan ang pagpapatupad ng CMO 20, s. 2013 sa buhay ng mga mag-aaral.

Batay sa lumabas na resulta, natuklasan na maganda ang naging epekto ng implemetasyon ng CHED Memo 20, s.2013 sa mga mag-aaral na respondente.

Ayon kay Tan (2018), kung nais natin ng pambansang wika kasabay ng pagrespeto sa lahat ng wika ng Pilipinas, kailangang marinig at magamit ng mga kabataan ang mga wikang ito sa pangaraw-araw. Hindi lamang sa kaswal na pag-uusap sa bahay o kanto, dapat rin itong maging wika ng mahahalagang transaksyon sa agham, negosyo, at sining. Kailangang maging bahagi ito ng pang-araw-araw na praktika hanggang sa maging bahagi na ito ng ating mga sarili— kung paano tayo magisip at mabuhay.

**Talahanayan 10 Pagsubok sa Kaugnayan sa Pagitan ng Propayl at ang Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Mag-aaral**

| **Factors Compared** | **Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Mag-aaral** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Respondents' Profile** | **α** | **$x^2$-critical value** | **$x^2$-value** | **Interpretation** | **Action/ Decision** |
| **Kasarian** | α = 0.05 | 3.841 | 0.9248 | No Significant Relationship | $H_0$ was accepted |
| **Antas/Taon** | α = 0.05 | 9.488 | 3.2719 | No Significant Relationship | $H_0$ was accepted |

Makikita sa Talahanayan 10 ang kaugnayan sa pagitan ng propayl at ang epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.2-13 sa mga mag-aaral. Natuklasan na ang kasarian at antas o taon ay walang makabuluhang pagkakaugnay sa epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 11 Pagsubok sa Kaugnayan sa Pagitan ng Propayl at ang Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Guro**

| Factors Compared | Epekto ng Implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa mga Guro | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Respondents' Profile** | **α** | **$x^2$-critical value** | **$x^2$-value** | **Interpretation** | **Action/ Decision** |
| **Bilang ng Taon sa Pagtuturo** | $\alpha = 0.05$ | 3.841 | 1.5911 | No Significant Relationship | $H_0$ was accepted |
| **Edukasyong Nakamit** | $\alpha = 0.05$ | 3.841 | 3.047 | No Significant Relationship | $H_0$ was accepted |

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng propayl at ang epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.2-13 sa mga gurong respondente. Natuklasan na ang bilang ng taon sa pagtuturo at ang edukasyong kanilang nakamit ay walang makabuluhang pagkakaugnay sa epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.2013 sa Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City.

Sa implementasyon ng Association of Southeast Asia Nations (ASEAN) Integration 2015 kasabay nito ang rebisyon ng CHED sa kurikulum ng kolehiyo kung saan itinanggal ang Filipino sa kolehiyo upang ilipat ito sa Senior High School (SHS). (Fajardo & Piad 2016)

Upang makasabay sa ibang bansa na mayroong 12 taong pag-aaral maliban sa taon ng pag-aaral sa kolehiyo na mas makakasabay sa globalisayon kaysa sa sampung taon lamang na pag-aaral sa primarya at sekondarya. At kaakibat ng ASEAN Integration ang pagpapalit ng kurikulum, at pagtanggal ng Filipino sa kolehiyo dulot ng globalisasyon.

## IV. Konklusyon

Batay sa natuklasan, napatunayan na positibo ang epekto ng implementasyon ng CMO 20, s.20 sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa parehong guro at mga mag-aaral na respondente. Lubos na sumasang-ayon ang mga respondente ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus, Dipolog City na naimumulat ng mga guro ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng isang intelektwalisadong wikang Filipino, natutulungan ang mga mag-aaral na yakapin ang sariling wika bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan sa lahat ng pagkakataon at sa anumang sitwasyon, at nalilinang ng guro ang kakayahang pangwika at pampanitikan ng mga mag-aaral. Sa mga mag-aaral ay napauunlad nito ang kanilang isipan at pagkatao, nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa, at makabuluhan ang pagpapatupad ng CMO 20, s. 2013 sa kanilang mga buhay. Lubos na sumasang-ayon na ang

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

nasabing programa ng CHED ay may mabuting maidudulot sa paglinang ng intelektwal na kompetensi, personal at pansibiko na responsibilidad at praktikal na kasanayan.

Sa kabuuan, ang lubos na pagsang-ayon ng mga respondente ay nagangahulugang ang estado ng implementasyon ng nasabing programa ng CHED sa lugar ng pananaliksik ay napatunayang lubos na naiimplementa.

## Mga Reperensiya

[1] Acosta, I., Acosta, A. (2017). A Mixed Methods Study on Teachers' Perception of Readiness of Higher Education Institutions to the Implementation of the K-12 Curriculum. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1147809.pdf \
[2] Arguelles, D., Garcia, R., Marcos, R., Mercado, A. (2015). KULTURA AT WIKANG FILIPINO, PATULOY NA PAGYAMANIN SA KOLEHIYO. http://komakadt1b-radar.tumblr.com/
[3] Bugarin, N., Cañacao, G., Cap-atan, Z., Cervantes, M.K., Clave, B., Marso, R. (2015). KAHALAGAHAN NG PAGPAPANATILI NG ASIGNATURANG FILIPINO SA KOLEHIYO. https://www.slideshare.net/GlaizaBugarin/kahalagahan-ng-asignaturang-filipino-sa-kolehiyo
[4] Cariga, C., Giongco, A. (2014). A look into CHED Memo No. 20-2013: The end of a language? http://thelasallian.com/2014/08/15/a-look-into-ched-memo-no-20-2013-the-end-of-alanguage/
[5] Connell, R. (2013). The neoliberal cascade and education: an essay on the market agenda and its consequences.https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/17508487.2013.776990?journalC ode=rcse20
[6] Fajardo, M., Piad, T.J. (2016). Pagtanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo: Filipino Department, umapila sa CHED. http://chromaproductions.tumblr.com/post/153715111470/pagtanggal-ng asignaturang-filipino-sa-kolehiyo
[7] Fernandez, A. (2014). Dapat bang alisin na ang asignaturang Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad? https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/367090/dapatbang-alisinna-ang asignaturang- filipino-sa- mga-kolehiyo-at-unibersidad/story/
[8] Gamalindo, A., Sanchez, R. (2017). Ang importansya ng Asignaturang Filipino sa klasrum. http://thelance.letran.edu.ph/Home/ReadMore/74
[9] Ong, G. (2018). 10,000 teachers may lose jobs due to removal of Filipino, Panitikan. https://www.philstar.com/headlines/2018/11/17/1869300/10000-teachers-may-lose-jobs-due- removal-filipino- panitikan
[10] Randles, C. (2012). Phenomenology: A Review of the Literature. file:///C:/Users/Asus/Desktop/RDL/RRL/Phenomenology_A_Review_of_the_Literature.pdf
[11] San Juan, D.M.M. (2016). Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System. https://www.researchgate.net/publication/320558212_Neoliberal_Restructuring_of_Education

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

in_the_Philippines_Dependency_Labor_Privatization_Critical_Pedagogy_and_the_K_to_12_Sy
[12] Tomacruz, S. (2018). Alliance appeals SC ruling removing Filipino as required college subject, https://www.rappler.com/nation/217594-alliance-appeals-supreme-court-ruling-removing filipino-required-college- subject
[13] Tubeza, P. (2017). Ched to keep Filipino in curriculum. https://newsinfo.inquirer.net/907311/ched-to-keep-filipino-in- curriculum#ixzz5Za2RzeZE

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved